


# Paghahanda para sa isang pang-emerhensyang kaganapan kung saan maaari kang mawalan ng koneksyon

Alam namin kung gaano kahalaga sa mga mamamayan ng buong Australia na magamit ang mga serbisyo ng broadband. Kaya kami ay gumawa nitong nakakatulong na patnubay upang matulungan kayong maging handa kung mawalan man kayo ng koneksyon, lalo na kung may emerhensya. Ngunit, mahalagang isaisip na anumang kagamitan na konektado sa pamamagitan ng **nbn**® network ay hindi gagana kapag walang kuryente. Mahalaga ring malaman na sa panahon ng emerhensya, karamihan ng pagkawala ng koneksyon sa **nbn** network ay sanhi ng pagkawala ng kuryente.

## Ang aming prayoridad habang nasa isang emerhensya

Ang una at pinakamahalaga, gusto naming matiyak na ang mga mamamayan ay ligtas. Ibig sabihin nito, na ang aming pinakamataas na prayoridad ay maibalik at mapanatili ang **nbn** network, habang tinitiyak na ang mga komunidad ay nananatiling konektado, lalo na sa mga serbisyong pang-emerhensya.

## Mga alarmang pang-medikal, pang may sunog at mula sa mga telepono sa elebeytor

Kung kinakailan na ang isang kritikal na kagamitan katulad ng mga alarma pang-medikal, pang may sunog at mula sa mga telepono sa elebeytor ay gumagana habang walang kuryente, inirerekomenda ng **nbn** na kausapin ang nagtutustos ng mga kagamitan tungkol sa pinakamahusay na solusyon para sa pagpapatuloy ng kasalukuyang serbisyo.

Ang sumusunod na mga paala-ala ay makakatulong sa iyong paghahanda sa pang-emerhensyang kaganapan kung saan maaari kang mawalan ng koneksyon.

## Tip 1 – Manatiling konektado sa mobile

Bumuo ng isang pang-emerhensyang pakete na may gumaganang mobile phone at isang pamalit na baterya (portable mobile battery pack). Maaaring makatulong ito kung mawalan ng kuryente, o kung ang iyong koneksyon sa **nbn** network ay maputol kapag may emerhensya. Pag-isipang isara ang iyong mobile data sa mga hindi kinakailangang app upang makatipid sa baterya.

## Tip 2 – Manatiling napapanahon

Ang lokal na radyo ay isang mahusay na mapagkukunan ng impormasyon habang may emerhensya, kaya isama ang isang de-bateryang radyo sa iyong pang-emerhensyang pakete. Mahalaga rin ang pakikinig sa mga serbisyong pang-emerhensya sa mga panglipunan at pambalitaang channel. Maaaring kasama rito ang inyong State Fire and Rescue, Police Services at mga serbisyong katulad ng **nbn** (@NBN_Australia).

## Tip 3 – Pangsuporta

Tiyakin na makukuha mo ang mahahalagang impormasyon at mga kakailanganing importanteng dokumento saan ka man naroroon – maaaring mangangailangan kang gumawa ng kopya ng mga ito sa isang USB, o sa Cloud. Maaaring kasali sa mga mahahalagang impormasyon ang tungkol sa mga pansegurong patakaran at/o mga dokumentong pang-pinansyal.

## Tip 4 – Mga kahalili/pansuportang mapagpipilian

Para sa mga negosyo o pangkat pang-komunidad, maaaring pag-isipan mo ang pumuhunan sa alternatibong serbisyo sa komunikasyon at kuryente upang manatiling umaandar ang iyong negosyo o pangkat komunidad. Mahalaga rin na palagi mong i-tsek itong mga haliling pantulong upang matiyak na gagana ang mga ito kung magkaroon nga ng emerhensya.

## Mga malalang sitwasyon

Kung may nasirang kagamitan sanhi ng mga malalang kaganapan, mayroon kaming mga tauhan na maaaring agad-agad makatulong sa pagkakabalik ng mga serbisyo sa iba't-ibang sitwasyon. Isaisip na sa karamihan ng mga kaso, ang **nbn** network, sa kabuuan, ay matatag at sinadyang makakatagal sa hindi pagkaputol ng mga serbisyo. Nangangahulugan na kadalasan, kung ang isang bahagi ng network ay nasira, ang network, sa kabuuan, ay magpapatuloy pa ring gumagana.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pang-emerhensyang kaganapan kung saan maaari kang mawalan ng koneksyon, bisitahin ang: **nbn.com.au/Emergency**

© 2023 nbn co ltd. 'nbn', 'Sky Muster', 'business nbn' at mga marka ng nbn ay mga trade mark o rehistradong trade mark ng nbn co ltd | ABN 86 136 533 741